

Tala: 1

Pagkabaog sa mga Lalaki(includes abstract) Riley J; Carmack A; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010052492

Abstract: Ang pagkabaog ay ang walang kakayahang magbuntis pagkatapos ng isang taon ng pagsubok. Nangangahulugan ito ng pagkakaroon ng isang regular, hindi ligtas na pakikipagtalik. Halos isa sa tatlong-bahagi ng mga kaso ay dulot ng mga salik na panlalaki. Isang kaparehong bilang ay dulot ng mga salik pambabae. Sa mga natitirang kaso, ang sanhi ay hindi alam o ito ay dahil sa mga problema ng parehong magkapareha.

[View English](#)

Database:

Consumer Health Information -- Tagalog

Pagkabaog sa mga Lalaki


(Male Infertility)

ni: Julie Riley, MS, RD

[\[View English Version\]](#)

Kahulugan

Ang pagkabaog ay ang walang kakayahang magbuntis pagkatapos ng isang taon ng pagsubok. Nangangahulugan ito ng pagkakaroon ng isang regular, hindi ligtas na pakikipagtalik. Halos isa sa tatlong-bahagi ng mga kaso ay dulot ng mga salik na panlalaki. Isang kaparehong bilang ay dulot ng mga salik pambabae. Sa mga natitirang kaso, ang sanhi ay hindi alam o ito ay dahil sa mga problema ng parehong magkapareha.

Mga Sanhi**Ang Reproductive System ng Lalaki**

© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

Depende ang kakayahang magkaanak sa mga lalaki sa mga sumusunod na organ:

- Pituitary gland
- Mga organ na pangreproduksiyon sa mga lalaki (mga itlog ng bayag, vas deferens, epididymis)
- Hypothalamus

Itinuturing na baog ang mga lalaki kung sila ay:

- Gumagawa ng masyadong kaunting mga semilya
- Gumagawa ng mga semilya na mahina ang kalidad

- May talamak na mga problema sa pagpapalabas ng semilya

Sa humigit-kumulang kalahati ng mga kaso, walang sanhing matagpuan. Kasama sa ilang mga salik na nagdudulot ang:

- Mga sakit na genetics (halimbawa, Klinefelter syndrome , Sertoli-Leydig cell syndrome)
- Pagkakalantad sa ilang mga kemikal sa trabaho o mga matatayang metal (lalo na lead at cadmium)
- Paggamit ng tabako , paggamit ng marijuana
- Mga varicose veins sa mga itlog ng bayag (varicocele)
- Di-normal na mga antas ng hormone
- Mga Impeksyon
- Mga pisikal na abnormalidad
- Cancer
- Mga gamot
- Labis na katabaan
- Mga talamak na karamdaman (halimbawa, sickle cell anemia)
- Labis na gawaing pisikal
- Anti-sperm antibodies

Mga Nagbibigay Panganib

Ang mga salik na ito ang nagpapataas ng iyong posibilidad na mabaog:

- Pagkakalantad sa mga nakalalasang kemikal o mga matatayang metal, gaya ng lead
- Sakit sa atay
- Paggamit ng nicotine, matagalang paggamit ng marijuana o cocaine , paggamit ng steroid , paggamit ng opiate , at paggamit ng ilang mga nireresetang gamot
- Pagkakalantad sa diethylstilbestrol (DES) sa sinapupunan
- Chemotherapy
- Kakulangan ng nutrisyon
- Sobrang pag-init ng mga itlog ng bayag
- Cystic fibrosis
- Klinefelter syndrome
- Kartagener's syndrome
- Diabetes
- Mga pinsala sa spinal cord
- Multiple sclerosis
- Mga tumor sa utak , mga pituitary tumor
- Radiation treatment
- Nakaraang mga impeksiyon, kabilang ang sexually transmitted diseases (STDs), beke , prostatitis
- Mga depekto pagkapanganak sa reproductive system ng lalaki, kabilang ang kasaysayan ng undescended testicles
- Labis na katabaan , mataas na body mass index

Sabihin sa iyong doktor kung mayroon ka ng anuman sa panganib sa itaas:

Sintomas

Pagkatapos ng isang taon ng pagsubok na mabuntis, ikaw at iyong kapareha ay kinakailangan nang humingi ng tulong.

Pagsuri

Sa unang pagbisita, kayo ay parehong susuriin. Magtatanong ang doktor tungkol sa iyong mga sintomas, kasaysayang medikal, at kasaysayan sa trabaho. Maaaring may epekto ang mga kemikal sa iyong trabaho. Titingnan ng inyong doktor ang mga problemang pisikal na maaaring magdulot ng inyong pagkabaog.

Ang mga sumusunod na mga pagsusuri ang isasagawa:

- Mga pagsusuri sa dugo—upang malaman ang mga antas ng iba't ibang mga hormone na may papel sa paggawa ng semilya, kabilang ang:
 - Testosterone
 - Luteinizing hormone
 - Follicle stimulating hormone
 - Antas ng Prolactin
- Pagsusuri sa semilya —sinusuri para:
 - Dami ng semilya
 - Consistency ng semilya
 - Bilang ng semilya
 - Paggalaw ng semilya
 - Hugis ng semilya
 - "Clumping" ng semilya
 - Pagkakaroon ng mga sustansyang maliban sa semilya sa semen
- Ibang mga pagsusuri:
 - Ultrasound —isang pagsusuring gumagamit ng sound waves upang suriin ang mga bahagi sa loob ng katawan; maaaring gawin ang transrectal ultrasound upang maghanap ng mga lumaking ugat sa paligit ng mga itlog ng bayag
 - Mga X-ray —isang pagsusuring gumagamit ng radiation upang kumuha ng larawan ng mga estruktura na nasa loob ng katawan
 - Mga pagsusuri sa fertilization—upang malaman kung gaano napapasok ng semilya ang itlog ng babae
 - Biopsy —pagtanggap sa sample ng itlog ng bayag para sa pagsusuri
 - Post-coital test—upang suriin kung ang iyong semilya ay nababagay sa mucus sa kuwelyo ng matris ng iyong katalik

Paggamot

Ang paggamot ay depende sa kung ano ang sanhi ng kondisyon. Ang mga paggamot ay maaaring maging mahal at matagal. Ang mga ito ay karaniwang hindi kasama sa isang seguro.

Pagbabago sa P_amumuhay

Maaaring imungkahi ng inyong doktor na inyo munang subukan ang:

- Pagpapalit ng oras ng inyong sekswal na gawain
- Iwasan ang labis na init (mga steam room, mga sauna)
- Iwasan ang tabako , marijuana, at labis na paggamit ng alak
- Pagsusuot ng mas maluluwang na shorts at pantalon
- Pagpapanatili ng tamang timbang.
- Pagbabawas sa stress

Gamot

Kung mayroon kang hormonal imbalance, maaaring magreseta ang iyong doktor ng gamot.

Operasyon

Ginagawa ang operasyon para sa mga kondisyong gaya ng varicocele. Bagaman hindi naibabalik ng nagamot na varicocele ang kakayahang magkaanak. Maaaring gawin ang operasyon upang baliktarin ang vasectomy . Ngunit hindi ito palaging tagumpay.

Assisted Reproductive Technologies (ART)

Ang ART ay paggamit ng semilya at itlog ng tao o mga bilig sa isang laboratoryo upang tumulong na mabuntis. Ang mga itlog at semilya ay maaaring mula sa inyo ng iyong kapareha o ibinigay. Kasama sa mga paraan ng ART ang:

- Artificial insemination (Artipisyal na Pagkabuntis)—Ang semilya ay kinokolekta at iprinoseso sa isang laboratoryo. Direkta itong ipapasok sa kuwelyo ng matris o matris ng babae.
- Sa vitro fertilization (IVF) —Ang isang itlog ay aalisin mula sa katawan ng babae at ihahalo sa semilya sa isang laboratoryo. Ang pinaghalong itlog at semilya o bilig na 2-3 araw na ay inilalagay na sa matris.
- Gamete o zygote intrafallopian transfer (GIFT or ZIFT)—Isang itlog ang inaalis mula sa katawan ng babae at inihahalo sa semilya sa isang laboratoryo. Ang pinaghalong itlog at semilya o bilig na 2-3 araw na ay inilalagay na sa fallopian tube.
- Blastocyst intrafallopian transfer—Isang itlog ay inaalis mula sa katawan ng babae, iniiniksyunan ng semilya, at hinahayaang mabuo. Sa dakong huli, ito ay inilalagay sa matris.
- Intracytoplasmic sperm injection—Isang semilya ay iniiniksyon sa itlog. Ang resultang bilig ay maaaring ilalagay sa matris o ipapayelo para sa panghinaharap na paggamit.

Pag-iwas

Hindi palaging naiwasan ang pagkabaog. Ngunit nakakatulong ang mga sumusunod na hakbang:

- Iwasan ang:
 - Paggamit ng tabako, marijuana, mga opiate, at mga anabolic steroid
 - Pagkakalantad sa mga mapaminsalang kemikal at mga matatampang na metal
 - Sobrang pag-inom ng alak
- Proteksiyunan ang iyong sarili laban sa STDs sa pamamagitan ng paggamit ng mga condom . Iwasan ang maraming katalik.

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008

Numero ng Item: 2010052492